

# Yang Pagbul'lok-bul'lok: Varyasyon ng Wikang Mandaya sa Ilang Munisipalidad ng Davao Oriental

RAYMUND M. PASION, Ph.D.

Davao Oriental State College of Science and Technology, Mati City, Davao Oriental  
raypasion@yahoo.com

*Date Received: February 18, 2015; Date Revised: April 17, 2015*

**Abstrak** - *The study aimed to find out the lexical, phonological, and morphological variations of the Mandaya language in the municipalities of Manay, Caraga, Baganga and Cateel in the province of Davao Oriental. This research was conducted to meet the following objectives: (1) To present the terminologies used in the four municipalities based on the Indigenous Knowledge System and Practices of Mandaya in cultural farming, hunting, fishing and animal husbandry. (2) To identify the variations in the Mandaya language based on lexicon, phonology and morphology. (3) To show the distinct linguistic feature in the Mandaya language that is different from Filipino language based on lexicon, phonology and morphology.*

*Qualitative design, descriptive and indigenous methods were used in gathering and analyzing the data. Purposive combination and snow-ball sampling were utilized in choosing the informants.*

*It was found out in the study that there was a variation of the Mandaya language in the four municipalities. In the lexical aspect, there were three evident categories: the different in form; the slightly similar in form; and the same in form but different in pronunciation. While in the phonological aspect, it also showed three variations; the phoneme /h/; the phoneme /ʔ/ (swa); and the glide l or /l-l/. On the other hand, in the morphological aspect, the researcher observed two things: the affix and morphological phenomena occurring in the words in different dialects in Mandaya. In general, the occurrence of variations in lexical, phonological and morphological aspects in the Mandaya language was inevitable, and this was caused by the three factors: the linguistics, sociolinguistics and psychological.*

**Keywords:** *Language Variation, Lexical, Mandaya, Morphological, Phonological*

## INTRODUKSYON

Sa anumang tungkuling ginagawa ng tao, gamit niya ang wika. Nabubuhay ang tao sa mundo ng wika. Sa paghahanapbuhay, paglalakbay, pakikipagkaibigan, pakikipag-away, paglilibang o maging sa pagtulog, kapiling ng tao ang wika. Upang maintindihan ang sangkatauhan, kailangang maunawaan ang kalikasan ng wika na siyang bumubuo ng isang pagkatao. Wika ang pinagmumulan ng buhay at kapangyarihan ng tao. Isang paniniwala sa Afrika na ang isang sanggol ay tinatawag na **kintu** (bagay/thing), hindi pa ito matatawag na **muntu** (tao/person) hanggat hindi pa siya natututo o nakaaalam ng wika (Fromklin et al., 2003:1). Samakatuwid, ayon sa tradisyong ito, nagiging tao ang tao dahil may alam siyang wika. Wika ang nag-uugnay sa isang indibidwal sa iba pang indibidwal sa kanyang paligid. Ang mahusay na kasanayan sa paggamit ng wika ay nagbubunga ng mahusay na pakikisama.

Ang isang bansang arkipelago tulad ng Pilipinas ay nag-aangkin ng katangian ng pagkakaroon ng napakaraming wika at wikain. Nakatala sa **Ethnologue: Languages of the World (Online Version)** ang may isandaan at walumpu't isang (181) indibidwal na wika ng Pilipinas at apat (4) dito ay itinuring na **extinct** o patay na wika sapagkat wala nang tagapagsalita nito, ang Agta (Didamay), Agta (Villa Viciosa), Ayta (Tayabas) at Katabaga (Lewis, 2013).

Tulad sa Luzon at Visayas, nabubuhay ang mga taong multilingwal sa Mindanao. Sa pulóng ito makikita ang iba't ibang etnikong pangkat na may kani-kanilang natatanging kultura na karaniwan din namang nakikisalamuha sa ibang indibidwal mula sa ibang etnikong pangkat. Dahil sa pangangailangan ng pakikipagtalastasan sa kapwa, natututo ang mga tao rito na gumamit hindi lamang ng kanilang kinagisnang wika kundi maging ng wika ng kanilang karatig na

pangkat o tribo. Gayunpaman, tanging ang kanilang sariling wika ang nagpapakilala ng kanilang identidad.

Kaugnay sa sosyolinggwistikong teorya, ang varyasyon ng wika ay maaaring nangyayari ayon sa konteksto ng etnisiti, sosyal klas, seks, heograpiya, edad at iba pang faktor. Tinutukoy ng mga linggwista ang varyasyon sa ponetiks, ponolohiya, morpolohiya, sintaktik at semantik. Maaaring ang varyasyon ng wika ay nasa tunog, mga salita o bokabularyo, estruktura ng gramatika o sa lahat ng mga ito (Santos at Hufana, 2008:10). Ang mga ito ay maaaring iugnay sa mga eksternal na faktor tulad ng heograpikal o grupong sosyal. Nasa varyasyong heograpikal kung pumapasok dito ang pagkakaiba sa tono, sa bokabularyo at sa morpolohiya ng wika o gramatika nito. Nagkakaroon ng pagkakaiba sa wika batay na rin sa lugar o lokasyon ng tagagamit ng wika. Ang pagkakaiba ng wika dulot ng mga elementong pangwika ay tinatawag na rehiyonal na varyasyon o dayalek. Samantalang, varyasyong sosyal naman ang pagkakaiba-iba ng sosyal na paggamit ng wika. Nagmula ang pagkakaibang ito sa wika bunga ng posisyong sosyal o panlipunan ng bawat grupo. Dahil sa mga varyasyong ito, lumilitaw ang tinatawag na varayti ng isang wika.

Ayon kay Fermin (Peregrino, 2002:93), ang mga varayti ng wika ay nadebelop dahil sa patuloy na pakikisalamuha ng tao sa kanyang kapwa—sa sariling pangkat at ibang pangkat sa lipunan. Sa kanyang pakikisalamuha, nalalantad siya sa iba't ibang katangian ng mga wikang kanyang ginagamit. Ang iba't ibang kultura, katayuan, at uri sa lipunan ang ilan sa mga pangunahing salik na nakaaapekto sa pagkakaroon ng varayti ng wika. Nagaganap ito sa isang lugar na mayaman sa iba't ibang uri ng tao tulad nga ng Mindanao.

Ang mga Mandaya ay matatagpuan sa probinsya ng Davao Oriental ng Mindanao. May mayaman silang kultura, panitikan, paniniwala, at tradisyon na iba sa iba pang grupo sa pulô. Mandaya rin ang tawag sa kanilang ginagamit na wika. Itinuturing na **Indigenous People** (IP) ang mga Mandaya. Nabibilang ito sa isandaan at sampung (110) katutubo ng Pilipinas. Ang katagang *Mandaya* ay nagmula sa mga salitang **man** (tao) at **daya** (itaas na bahagi o itaas na bahagi ng ilog), dahil rin dito, ang mga Mandaya ay tinatawag na **inhabitants of the uplands** (NCIP, 2012).

Naninirahan ang mga Mandaya sa bulubunduking bahagi ng Timog-Silangang Mindanao na matatagpuan sa Davao del Norte, Compostella Valley, Agusan del Sur, at Davao Oriental. Ang Davao

Oriental ang may pinakamaraming populasyon ng mga Mandaya. Binubuo ng isang (1) lungsod at sampung (10) munisipalidad ang Davao Oriental kung saan nahahati ito sa dalawang distrito. Ang mga munisipalidad ng Taragona, Manay, Caraga, Baganga, Cateel at Boston ay nabibilang sa unang distritong tinatawag na **eastcoast**. Itinuring ang distritong ito na lugar ng mga Mandaya sapagkat dito makikita ang maraming populasyon ng mga Mandaya.

Bagama't iisang katutubong pangkat o grupo, napaghihiwalay ang mga Mandaya ng mga bundok at iba pang hangganan. Dahil sa heograpikal na sitwasyong ito, pinaniniwalaang umiiral ang varyasyon o dayalektal na varayti ng wikang Mandaya sa iba't ibang grupong gumagamit nito. Ito ang nilalayong alamin ng mananaliksik.

### SULIRANIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na tukuyin ang varyasyon o mga varyasyon ng wikang Mandaya na matatagpuan sa mga munisipalidad ng Manay, Caraga, Baganga at Cateel ng Probinsiyang Davao Oriental. Batay sa nabanggit na layunin, sinikap masagot ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano-ano ang mga terminong ginagamit ng mga munisipalidad ng Mny, Crg, Bngng at Ctl ng Davao Oriental batay sa Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) ng Mandaya ayon sa pagsasaka, pangangaso, pangangisda at paghahayupan?
2. Anong varyasyon ang makikita sa mga terminong Mandaya ng Mny, Crg, Bngng at Ctl batay sa leksikon, ponolohikal at morpolohikal?
3. Anong linggwistikal na katangian ang makikita sa wikang Mandaya na kaiba sa wikang Filipino batay sa leksikon, ponolohikal at morpolohikal?

### TEORETIKAL NA BATAYAN

Pinagbabatayan sa pag-aaral na ito ang pag-aaral ni Poplack (1993) tungkol sa teorya ng varyasyon at ugnayan ng wika, ang pananaw sa wika ay nakatuon sa pagsusuri ng gramatikal na estruktura ng wika sa magkakaugnay na diskurso at pag-alam ng dahilan sa pagkapabago-bago ng porma at gamit ng isang wika sa iba't ibang sitwasyon. Inaalam dito ang patern ng paggamit ng wika at hindi lamang ang pag-iral nito sa isang komunidad.


### KONSEPTWAL NA BATAYAN

Inilahad sa **Figyur 1** ang biswal na paglalarawan sa konsepto ng pagkakaroon ng iba't ibang varayti ng wika sa isang komunidad. Dito, sinisimbolo ng isang

bilog sa gitna ang Davao Oriental kung saan naninirahan ang katutubong Mandaya. Sakop ng Probinsya ng Davao Oriental ang iba't ibang munisipalidad na nahahati ayon sa hangganan ng bawat lugar. Sa sitwasyong ito ay nagkakaroon na ng tinatawag na varyasyong heograpikal. Inirerepresenta ng apat na maliliit na bilog mula sa malaking bilog ang apat na munisipalidad ng Davao Oriental – Crg, Mny, Bng at Ctl, kung saan matatagpuan ang mga katutubong Mandaya sa probinsya. Bagama't mga Mandaya, dahil sa heograpikal na sitwasyon ay pinaniniwalaan ng mananaliksik na may varayti ang

wikang Mandayang ginagamit sa bawat munisipalidad.

Ang varyasyon ng wikang Mandaya sa apat na grupo ay maaaring makita sa pamamagitan ng kanilang **IKSP** na nagbibigay ng tuon sa mga terminong kultural sa aspektong pangkabuhayan tulad ng paghahayupan, pangangaso, pangingsda at pagsasaka na inirerepresenta ng kahong parisukat na ikinokonekta ng mga linya mula sa gitnang bilog. Dito makikita na bagama't may isang paniniwala, kultura, at pamumuhay ang mga Mandaya, nagkakaroon ng pagkakaiba ang kanilang katawagan o pananalita.



Figur 1. Iskematikong dayagram ng paradaym ng pag-aaral

## DISENYO AT METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Disenyong kwalitatibo at kwantitatibo na nilapatan ng dalawang paraan sa paglilikom at pag-aanalisa ng mga datos. *Una*, ginamit ang pamamaraang indehinus sa pangangalap ng datos na naging batayan naman sa terminong kultural ng wikang Mandaya. *Pangalawa*, ang pamamaraang deskriptibo sa pagsusuri o pag-aanalisa ng mga datos na nilapatan ng pagsusuring estruktural at kombinasyong dulog na heograpiko-etnograpiko upang maipakita ang sistemang pangwika ng mga Mandayang matatagpuan sa nasabing mga munisipalidad. Layon ding maipakita ang pagbabago-

bagong nagaganap sa wikang Mandaya tulad ng pagbigkas, pagpapakahulugan at paggamit ng mga terminolohiya sa paghahanapbuhay, at matukoy ang pagkakaiba sa wika batay sa lokasyon.

Samantalang sa pag-aanalisa ng mga datos, isinaalang-alang ang masusing pagtalakay tungkol sa varyasyong leksikal, ponolohikal at morpolohikal na naganap sa wikang Mandaya at ang pagpapangkat-pangkat ng mga lugar ayon sa varyasyong magkakatulad, may pagkakatulad gayundin sa pagkakaiba nito sa isang lugar patungo sa iba pang lugar na pinaghahambing.

Ang varyasyong leksikal ang unang tinalakay sa pamamagitan ng Swadesh list at mga terminong

nababatay sa IKSPng pangkabuhayan upang mabatid ang pagkakatulad at hindi pagkakatulad nito sa mga lugar na pinaghahambing. Pagkatapos, batay parin sa nasabing mga termino at swadesh list ay inalam ang varyasyong ponolohikal. Sa pamamagitan ng pakikinig sa paraan ng pagbigkas ng mga salita at pagsulat ng notasyong ponemiko nito, natukoy ang ponolohikal na varyasyon. Samantalang, ang varyasyong morpolohikal sa apat na lugar ay inalam sa pamamagitan ng mga impormasyong nairekord at mga naitala sa talatanungan. Ang lahat ng inilalahad sa mga talatanungang binibigyan ng analisis ay iniaayon sa suliranin ng pag-aaral.

## RESULTA NG PAG-AARAL

### A. VARYASYONG LEKSIKAL:

#### a. Mga salitang magkaiba ang anyo

Ang ibang pangkat ng Mandaya ay mayroong iba't ibang tawag sa maraming bagay na nagsisilbing pagkakilanlan ng bawat isa sa kanila dahil dito sila natutukoy o nakilala kung saang lugar o munisipalidad ito nabibilang. Tingnan ang mga halimbawa sa ibaba.

**Talahanayan 1. Mga salitang magka-iba ang anyo**

Blg.	Dayalektong Mandaya				Fil
	Crg	Mny	Bngng	Ctl	
1	adsidto	yan sang	adto	ansaan	sa/nasa
2	agbul'l	gal'las	paggas	hambas	paraan ng paglilinis ng lupa
3	agos	mangaraw	yagakaul'lo	manero	mangaso
4	al'lo	agnon	namog	gabon	hamóg
5	awdi	aw	kung	hao	kung
6	bagat	tipig	dupak	butos	uri ng sakit sa palay
7	danaw	linaw	bul'longan	lib-og	lawa
8	dini	ani	sin-i	ngadi	dito
9	dugtos	ilum	dunot	dugong	sobrang kahinugan
10	ikot	luta-luta	yuktan	bugkot	tubong/tali sa leeg
11	inang	obl'la	tal'labawo	trabaho	gawa
12	inangunon	obl'laan	magatal'laba wo	trabahoon	gagawin
13	kakal'lagakawan	tigasawon	mamangon	hormigason	langgamin
14	kal'lag	tus	wait	senyas	hudyat
15	kal'lagakaw	tigasaw	mamang	hormigas	langgam
16	kal'lagon	tusan	waitan	senyasan	hudyatan
17	kimpi	kagang-kagangay	kutuhon	katang	kagang na maliit
18	kuka	labin-labin	kuko	pamitay	lambî
19	kul'lumpapaw	awas	yanlapas	sobra	apaw/sobra
20	kuligit	kusisang	tiyaho	iguk	gukgók ng baboy

b. **Mga salitang may pagkakatulad ang anyo**

Isa pang uri ng varyasyong leksikal ay ang may pagkakatulad subalit hindi parehong-pareho. Ang pagkakaiba ay maaaring nasa katangiang ponolohikal o morpolohikal ng bawat grupo ng Mandaya mula apat na lugar.

**Talahanayan 2. Mga salitang may pagkakatulad sa anyo**

Blg.	Dayalektong Mandaya				Fil
	Crg	Mny	Bngng	Ctl	
1	anlulupa	al-lul'lupa	al'lopa	anlopa	uri ng ibon
2	awid	gawid	yawid	hawid	hawak
3	baliwing	diwing	swing	siwing	uri ng ibon
4	bugkol'l	buko	bukuon	buko-buko	alimpusò
5	bugtot	bugtat	bogtot	buktot	uri ng pasayan
6	dul'lok	dulok	duk	duok	pagsiga sa mga damo
7	gabantay	yagabantay	byabantayan	nagbantay	nagabantay
8	gutgot	gutgut	lutgut	lutgot	puyos
9	kabatuwan	mabato	kababatwan	kabatuhan	mabato
10	kabuwayna	kabul'layna	herbabuwena	herbubuwena	uri ng rekado
11	kain	wain	(h)ain	hain	saan
12	kikita	kikitan	yakita	ikita	nakita
13	kyawtawan	kyakawtawan	kawtawan	kyaotawan	nanganak
14	l'lal'lum	lal'lum	laum	lawom	lalim
15	mal'lal'lum	malal'lum	malaum	malawom	malalim
16	manganul'l	manganol'l	manganoway	mangano	mapurol
17	manl'log	mal'log	ul'log	hug	hulog
18	masu	aso	maso	anso	panghi
19	matood	matuod	matud	tinuod	tunay/totoo
20	matul'lid	tul'lid	matulid	tul-id	tuwid

c. **Mga salitang magkakatulad na magkatulad ang anyo ngunit magkakaiba ang bigkas**

Sa bahaging ito, ang mga halimbawa ng salitang magkakatulad na magkatulad ang anyo ngunit magkakaiba ang bigkas ay inilalahad sa pamamagitan ng pagpangkat-pangkat ng bawat lugar.

**Crg/Mny vs. Bngng/Ctl**

Ang sumusunod na mga halimbawa ay mga salita kung saan makikitang magkatulad na magkatulad ang mula sa Caraga at/o Manay at Baganga at/o Cateel subalit magkaiba ito ng bigkas. Matatandaang ang Caraga at Manay ay magkatabing munisipalidad at ang Baganga at Cateel ay magkasunod ding lugar. Narito ang paghahanay.

	Crg/Mny		vs	Bngng/Ctl		Fil
1.	ama	ama		ama	ama	ama
	/ʔamaʔ/	/ʔamaʔ/		/ʔa:maʔ/	/ʔa:maʔ/	
2.	wawa	wawa		wawa	wawa	uri ng ibon
	/wa:waʔ/	/wa:waʔ/		/wa:waʰ/	/wa:waʰ/	
3.	sangi-sangi	sangi-sangi		sangi-sangi	sangi-sangi	uri ng ibon
	/sa:ŋiʔ.sa:ŋiʔ/	/sa:ŋiʔ.sa:ŋiʔ/		/sa:ŋiʰ.sa:ŋiʰ/	/sa:ŋiʰ.sa:ŋiʰ/	

**Crg/Bgng vs. Mny/Ctl**

Ang mga halimbawa namang sumusunod ay mga salita mula sa Caraga at/o Baganga na katulad na katulad ng anyo ng mga salita mula sa Manay at/o Cateel subalit magkaiba ang bigkas nito.

	<b>Crg/Bgng</b>		vs	<b>Mny/Ctl</b>		<b>Fil</b>
1.	kasingkasing /kasi.ŋka:siŋ/	kasingkasing /kasi.ŋka:siŋ/		kasingkasing /kasiŋka:siŋ/	kasingkasing /kasiŋka:siŋ/	puso
2.	pila /pila <sup>h</sup> /	pila /pila <sup>h</sup> /		pila /pi:la <sup>h</sup> /	pila /pi:la <sup>h</sup> /	ilán

Samantala, may ilan pang kaso ang nakita kaugnay ng kategoryang ito. Ang mga sumusunod namang paghahanay ay nagpapakita ng kaibahan ng isang munisipalidad kumpara sa kalapit nitong lugar.

**Caraga vs Mny/Bgng/Ctl**

Ang mga sumusunod na halimbawa ay ang pagkakaiba sa bigkas ng mga salita mula sa Caraga.

	<b>Crg</b>	vs	<b>Mny</b>	<b>Bgng</b>	<b>Ctl</b>	<b>Fil</b>
1.	tanum /tənum/		tanum /tanum/	tanum /tanum/	tanum /tanum/	pananim
2.	dupa /dɔpa <sup>h</sup> /		dupa /dupa <sup>h</sup> /	dupa /dupa <sup>h</sup> /	dupa /dupa <sup>h</sup> /	paghandóg
3.	tambaba /tamba:ba <sup>?</sup> /		tambaba /tamba:ba <sup>h</sup> /	tambaba /tamba:ba <sup>h</sup> /	tambaba /tamba:ba <sup>h</sup> /	paghandóg

**B. VARYASYONG PONOLOHIKAL****Ang Ponemang /h/**

Mula sa mga panayam at pananaliksik tungkol sa wikang Mandaya, tanggap ang katotohanang walang ponemang /h/ ang wikang ito. Subalit batay sa mga nakalap na nairekord na mga datos, natuklasang may mga pagkakataong narinig na ginagamit ng ilang Mandaya ang tunog na ito sa kanilang salita. Pansinin ang talahanayan sa ibaba.

**Talahanayan 3. Ang Ponemang /h/ sa Wikang Mandaya**

<b>Blg.</b>	<b>Dayalektong Mandaya</b>				<b>Fil</b>
	<b>Crg</b>	<b>Mny</b>	<b>Bgng</b>	<b>Ctl</b>	
1	abakaan /ʔabakaʔan/	abakaan /ʔabakaʔan/	abakaan /ʔabakaʔan/	abakahan /ʔabakahan/	abakahan
2	angin /ʔa:ŋin/	angin /ʔa:ŋin/	hangin /ha:ŋin/	angin /ʔa:ŋin/	hangin
3	bakaan /bakaʔan/	bakaan /bakaʔan/	bakaan /bakaʔan/	bakahan /bakahan/	bakahan
4	iginawa /ʔigina:wa <sup>h</sup> /	iginawa /ʔigina:wa <sup>h</sup> /	ginawa /gina:wa <sup>h</sup> /	ginhawa /ginha:wa <sup>h</sup> /	huminga
5	inog (na kamote) /ʔinog/	inog (na kamote) /ʔinog/	hinog (na kamote) /hinog/	hinog (na kamote) /hinog/	kamoteng hinog
6	kaoy /ka:ʔoy/	kaoy /ka:ʔoy/	kaoy /ka:ʔoy/	kahoy /ka:hoy/	kahoy (tree)
7	taî /ta~iʔ/	taî /ta~iʔ/	taî /taʔiʔ/	tahî /tahiʔ/	tahî
8	ugas /ʔu:gas/	unaw /ʔunaw/	ugas /ʔu:gas/	hugas /hu:gas/	hugas (wash)
9	ugas	ugas	hugas	hugas	

Blg.	Dayalektong Mandaya				Fil
	Crg	Mny	Bgng	Ctl	
	/ʰu:gas/	/ʰu:gas/	/hu:gas/	/hu:gas/	
10	umay /ʰumay/	umay /ʰumay/	humay /humay/	omay /ʰomay/	Palay

Inihanay sa sinundang talahanayan ang lahat ng mga salitang nakalap na naringgan ng ponemang /h/ at inihambing ito sa salita mula sa ibang munisipalidad. Mula sa talahanayan, makikitang tanging sa munisipalidad lamang ng Baganga at Cateel matatagpuan ang ponemang /h/. Ang pagkakaroon ng tunog na /h/ sa Baganga ay hindi laging nagaganap hindi tulad ng mga salita mula sa Cateel pawang may ponemang /h/ na lahat.

### Ang Tunog /ə/ o Swa

Makikita sa talahanayan sa ibaba na hindi lahat ng dayalekto ng Mandaya sa Davao Oriental ay nagtataglay ng tunog na swa sa kanilang pagsasalita. Naging karaniwan lamang ito sa lugar ng Caraga, Manay at sa banghay ng salitang-ugat na *sira* sa lugar ng Baganga. Samantala, nawawala na ito o hindi na naririnig sa mga Mandaya sa munisipalidad ng Cateel.

### Talahanayan 4. Mga Tunog na Swa o /ə/ sa Wikang Mandaya

Mga Salitang May Tunog /ə/ o Swa						
Blg.	Crg.	Fil.	Mny.	Fil.	Bgng.	Fil.
1	dubdub /də:bdəb/	tiyan	inom /ʰinəm/	inum	guba /guəbaʔ/	sira
2	daot /daʔət/	sirâ	mabugat /mabəgat/	mabigat	maguba /magəbaʔ/	masira
3	dudungog /də.dəŋog/	narinig	madamol'l /madə:mol~l/	makapal	yaguba /yagəbaʔ/	nasira
4	tagon /ta:gən/	hawak	manggod /ma:ŋgəd/	sapagkát		
5	mabugat /ma.bəgat/	mabigat	maytom /maytəm/	itim		
6	manigop /mani:gəp/	mangaso	tungawon /tunga:wən/	hatiin		
7	sagbot /sa:gbət/	damo	madlog /ma:dləg/	uri ng ibon		
8	tungaon /tunga:ʔən/	hatiin	kaugkot /kaʔu:ɡkət/	ninuno		
9	dagum /dagəm/	tubò o sibol	kaugkutan /kaʔugkətan/	ninuno		
10	gutgot /gət:gət/	puyos	batuk /ba:tək/	batik		
11	maangkot /maʔaŋkət/	malambot na lupa	batukan /batə:kan/	batikán		
12	tanum /tanəm/	pananim	yaguba /yagəbaʔ/	nasira		
13	tukap /təkəp/	dawak				
14	yagadagum /yagada:gəm/	tumubo				
15	kaguguna /kagəgu:naʔ/	kalagayan				

Batay sa mga nalilikom na mga salita, ang mga salitang nagtataglay ng tunog na swa na makikita sa lugar ng Crg ay binubuo ng dalawampu't anim (26). Samantalang, may labimpito (17) naman sa lugar ng Mny, at tatlo (3) lamang sa lugar ng Bngg. Ngunit, higit na kapansin-pansin na sero o wala ng tunog na swa sa pagsasalita ng mga katutubong Mandaya sa Ctl (Brgy. Abejod). Nangangahulugan lamang ito na tuluyan ng nawawala ang nasabing tunog sa kanilang pagsasalita. Ito ay inilalarawan sa ginawang pie chart na makikita sa ibaba.

### Ang glide l o /l~/

Ang tunog na glide /l~/ ay nagiging bahagi na wika ng mga katutubong Mandaya dahil nailalarawan nito ang karaniwang pagkakabigkas ng naturang tunog sa kanilang pagsasalita. Pansinin ang sumusunod na mga halimbawa.

**Talahanayan 5. Mga Salitang May Glide l o /l~/ sa Wikang Mandaya**

Blg.	Dayalektong Mandaya / Notasyong Ponemiko				Fil
	Crg	Mny	Bngg	Ctl	
1	/ʔa:gbul~l/	/gal~las/	/pa.ggas/	/ha:mbas/	paglilinis ng lupa
2	/ʔa:gos/	/maŋaraw/	/yaga.kaʔu:l~lo <sup>h</sup> /	/mane:ro <sup>h</sup> /	mangaso
3	/ʔa:l~lag/	/ʔaw/	/ʔa:sta <sup>h</sup> /	/haw/	at
4	/ʔal~lo <sup>h</sup> /	/ʔal~lo <sup>h</sup> /	/ʔal~lo <sup>h</sup> /	/ha:ʔoʔ/	halo
5	/ʔal~lon suwag/	/ʔal~lon suwag/	/ʔawon suwag/	/suŋa:yan/	may sungay
6	/ʔal~lu:yon/	/ʔal~lu:yon/	/ʔal~lu:yon/	/ʔawo:yon/	bayanihan
7	/ʔalal~la:gtoy/	/ʔal.la:gtoy/	/ʔalala:gtoy/	/ʔanlala:gtoy/	uri ng ibon
8	/ba:kid/	/bal~ludan/	/bal~lawan/	/ʔipu:ʔot/	proseso ng pagpapahinog
9	/ba:kl~log/	/ba:kl~log/	/ka:ylog/	/ba:na <sup>h</sup> /	bana
10	/bal~lakat/	/bal~lakat/	/pakat/	/bal~lakat/	daanan ng tuta
11	/bal~latok/	/bal~latok/	/ʔamaratok/	/ʔamoʔa:tok/	uri ng ibon
12	/bal~lul~lo <sup>h</sup> /	/bal~lul~lo <sup>h</sup> /	/balulo <sup>h</sup> /	/balulo <sup>h</sup> /	uri ng isda
13	/binal~la:ŋay/	/binal~la:ŋay/	/bina:ŋay/	/kalakatan/	uri ng saging
14	/bo:l~lbul~l/	/bu:bol~l/	/bu:l~lbul~l/	/balaʔi:bo <sup>h</sup> /	balahibo
15	/da:l~lan/	/da:l~lan/	/da:l~lan/	/da:n/	kalsada
16	/da:l~lan/	/ʔagiyan/	/da:l~lan/	/ʔagiyan/	daan
17	/daku:l~la <sup>h</sup> /	/dagdago <sup>h</sup> /	/bagas/	/bagas/	malaki
18	/danaw/	/li:naw/	/bul~lo:ŋan/	/li.bʔog/	lawà
19	/ʔə:tək/	/bal~lu.ŋatuk/	/ʔaligi <sup>h</sup> /	/tabaʔ/	
20	/gul~la:ŋan/	/guwa:ŋan/	/gul~la:ŋan/	/guwa:ŋan/	gubat

Mula sa higit kumulang na walong daan labing-apat (814) na mga katawagang leksikal, may isandaan walumpu't isang (181) mga salitang mayroong glide /l~/ na makikita sa lugar ng Crg. Isandaan limampu (150) naman sa mga salitang makikita sa lugar ng Mny, at animnapu't siyam (69) lamang sa mga salitang makikita sa Bngg. Ngunit, sa lugar ng Ctl ay may walong (8) mga salita lamang ang kakikitaan ng naturang tunog.



### C. VARYASYONG MORPOLOHIKAL

#### Mga Morpemang Panlapi:

Inilalahad lamang sa bahaging ito ang ilang mga halimbawa ng mga morpemang panlapi na makikita sa mga salita ng Crg na natutumbasan ng magkakatulad, may pagkakatulad o kaya'y magkakaibang anyo ng salita na may magkakaiba o magkakatulad ding mga panlaping makikita sa lugar ng Mny, Bngng at Ctl.

#### 1. [ma-].

Crg.	Mny.	Bngng.	Ctl.	Fil.
maaba	maaba	maba	mahaba	mahaba
maadla	maalyaw	maalyaw	maadla	mailap na hayop
maangkot	mayamok	mautok	mayamot	malambot na lupa

#### 2. [-an].

Crg.	Mny.	Bngng.	Ctl.	Fil.
agiyanan	agiyanan	agiyanan	agiyanan	daanan
bakaan	bakaan	bakaan	bakahan	bakahan
kamatisan	kamatisan	kamatisan	kamatisan	kamatisan

#### 2. [ka-;-an].

Crg.	Mny.	Bngng.	Ctl.	Fil.
kagul'langan	kaguwangan	kagul'langan	kaguwangan	kagubatan
kalupaan	kalupaan	kalupaan	kalupaan	lupain

#### Pagbabagong Morpo-ponemiko:

Pagbabagong morpo-ponemiko ang tawag sa anumang morpemang nagbabago sa karaniwang anyo ng salita. Sa bahaging ito ay inilalahad lamang ang ilang mga halimbawa ng pagbabagong morpo-ponemikong pagpapalit ng ponema, pagkakaltas ng ponema at pagdaragdag ng ponemang naganap sa wika ng Mandaya. Pansinin ang mga sumusunod na halimbawa.

#### a. Pagpapalit ng Ponema

Ang **pagpapalit ng ponema** na makikita sa mga salita ng wikang Mandaya ay naganap hindi sa impluwensiyang dulot ng katabi nitong ponema kundi sa pagbuo ng mga salitang buhat sa mga lugar na pinagmulan nito. Naging dahilan ito upang mag-iba ang ispelang at bigkas.

Tatlong kaso ng pagpapalit ng ponema ang natuklasan sa pag-aaral —(1) /l~l/ → /l/;(2) glide /l~l/ → /w/;at (3) /o/ → /u/at bisa bersa.

#### Talahanayan 6. Ang Ponemang /l~l/ → /l/

D a y a l e k t o n g M a n d a y a				Fil
Crg.	Mny.	Bngng.	Ctl.	
alal'lagtoy	al-lagtoy	alalagtoy	anlalagtoy	alalagtoy
anlulupa	al-lul'lupa	al'lopa	anlopa	al'lopa
bal'lagon	bal'lagon	balagon	(bagon)	baging
gal'lob-gal'lob	gul'lob-gul'lob	gul'lob-gul'lob	gulob-gulob	gal'lob-gal'lob
kal'lal'long	kal'lal'long	kal'lal'long	kalalong	tipaka ng itlog
l'yuluto (na kamote)	lyuto (na kamote)	luto (na kamote)	luto (na kamote)	luto na kamote

Dayalektong Mandaya				Fil
Crg.	Mny.	Bngng.	Ctl.	
mal'lapit	mal'lapit	malapitay	malapit	malapit
mal'layo	mal'layo	malayo	halayo	malayo
pal'lapal'la	pal'lapal'la	pal'lapal'la	palapala	paa
tangl'lad	tangl'lad	tanglad	(tangngad)	tanglad

Ang glide l o ponemang /l~/ ay komon sa Caraga. Litaw sa kanilang pananalita ang tunog ng /l~/ na isa sa katangian ng Mandaya na kakaiba sa wikang Filipino. Subalit ang katangiang ito ay nagbabago o nawawala sa iba lugar ng Mandaya lalo na sa Cateel. Kapansin-pansin ang pagpapalit ng /l~/ sa /l/ sa munisipalidad ng Cateel, sa katunayan, hindi na naririnig ang ponemang ito sa lugar. Unti-unti na rin itong nawawala at napapalitan din ng ponemang /l/ sa Baganga. Samantala, bagamat karaniwan pa ring naririnig ang tunog na ito sa Manay, may ilang pagkakataon na napapalitan na rin ito ng tunog ng l.

**Talahanayan 7.** Ang Ponemang /l~/ → /w/

Dayalektong Mandaya				Fil
Crg.	Mny.	Bngng.	Ctl.	
al'lo	al'lo	awo	(gabon)	hamog
al'lon	al'lon	awon	(sungayan)	may sungay
antatal'lo	antatal'lo	antatawo	(ud)	uok
bul'lan	bul'lan	buwan	buwan	buwan
kul'lago	kul'lago	kuwago	kuwago	kuwago
mapul'la	pu'la	puwa	puwa	pula
ngal'lot	kal'lot	kal'lot	kawot	kamot
pal'lo	pal'lon	pawo	(dilot)	palo
ul'lan	ul'lan	uwan	uwan	ulan
yagabul'lad	yagabul'lad	yagabuwad	gabuwad	nagbilad

Ang /l~/ ng Caraga ay napapalitan din naman ng /w/ sa ibang lugar. Ganap itong napapalitan sa lugar ng Cateel na tulad ng unang nabanggit ay hindi na kariranggan ng ponemang /l~/ . Samantala, bihira na ring naririnig ang tunog na glide l sa Baganga at napapalitan na rin ito ng /w/. Sa Manay naman, paminsanang nangyayari na napapalitan ng /w/ ang glide l.

**Talahanayan 8.** Ang Ponemang /o/ → /u/ at /u/ → /o/

Dayalektong Mandaya				Fil
Crg.	Mny.	Bngng.	Ctl.	
ol'las	ul'las	(huwas)	(pawis)	pawis
tol'lo	tul'lo	(tres)	(tres)	tatlo
bol'bol'l	bubol'l	bul'bul'l	(balaibo)	balahibo
pagtaod	(pagtawod)	pagtaud	(pagtahod)	paggalang
tukuda	tukudan	tukoda	(sagulon)	haluin
usunugon	sunuga	sunogon	sunugon	sunugin
dubdub	dubdob	dubdub	(tiyan)	tiyan
Ligbus	ligbos	ligbus	ligbos	kabute

Dayalektong Mandaya				Fil
Crg.	Mny.	Bngg.	Ctl.	
Bugtot	(bugtat)	bogtot	(buktot)	bugtot
limundo	limondo	(wala)	(wala)	limundo
(taliyok)	toliyok	tuliyok	toliyok	toliyok
(dul'lom)	(gabi)	dom	dum	gabi
(ul'lo)	(ul'lo)	o	u	ulo

Madalas na napapalitan ang ponemang /o/ sa Caraga ng /u/ sa Manay at Baganga kung ang salitang katumbas ay may pagkakatulad. Samantala, karaniwang naiiba ang anyo ng salitang katumbas sa lugar ng Cateel. Sa kaso naman ng ponemang /u/ ng Caraga, may mga pagkakataong napapalitan ito ng ponemang /o/ sa Manay, Baganga, at Cateel at may pagkakataon ding namang nanatili itong /u/.

**b. Pagkakaltas ng Ponema**

Ang pagkakaltas ng ponema ay tumutukoy sa pagkawala ng isa o higit pang ponema mula sa dayalektong Mandaya sa Caraga. Maaaring maganap ang pagkakaltas sa unahan, gitna at hulihan ng salita may panlapi man ito o wala. Hindi pare-pareho o walang nakitang konsistensi kung kalian nagaganap ang pagkakaltas ng ponema mula sa salita sa Caraga. Kaya sa ikadadali ng paglalahad, isa-isang inihambing ang kaso ng pagkakaltas mula sa dayalekto ng Caraga.

**Crg vs. Mny**

Inilahad sa ibaba ang mga salitang mula sa Caraga na nakakaltasan ng ponemang tulad ng /a/, /i/, /o/, /u/, at /n/ sa lugar ng Manay.

Crg	Mny	Fil
1. basiyan	basyan	babaeng unggoy
2. bituon	biton	bituin
3. buo'l	bul'l	anak ng usa
4. kaan	kan	kain
5. magabuwa	magbuwa	magduyan
6. mal'laat	mal'lat	masama
7. manl'log	mal'log	hulog
8. paan	pan	pain
9. tapan	tapan	tahipan
10. yaan	yan	siya

Makikita sa mga salitang mula sa Caraga ay karaniwang nakakaltas ang ponemang /a/ sa lugar ng Manay. Nagkaroon man ito ng pagkakaltas ay nanatili

parin ang iisang kahulugan sa mga salitang mula naman sa Caraga.

**Crg vs. Bngg**

Makikita naman sa ibaba ang mga salitang mula sa Caraga na nagkaroon ng pagkakaltas ng mga ponemang tulad ng /a/, /i/, /o/, /g/, /m/, /n/, /s/, at /t/ sa lugar ng Baganga.

Crg	Bngg	Fil
1. dal'lumpingan	dal'lupingan	uri ng isda
2. iginawa	ginawa	huminga
3. magapaan	magpaan	magpain
4. magatipon	magtipon	mag-ipon
5. ngal'lan	al'lan	pangalan
6. pusga	puga	piga
7. pyuputga	pyupuga	piniga
8. sa-a	sa	saha
9. tuod	tud	tuhod
10. yagagani	yagaani	nag-ani

Katulad sa lugar ng Manay, ang mga salitang mula sa Caraga ay karaniwang nakakaltasan ng ponemang /a/ sa lugar ng Baganga. Ganoon parin ang kahulugan ng mga salita at hindi nagbabago.

**Crg vs. Ctl**

Ang mga ponemang /a/, /i/, /o/, /u/, /k/, /l', /m/, /s/, /w/, at /y/ ay nakakaltas sa lugar ng Cateel.

Crg	Ctl	Fil
1. basiyan	basyan	Babaeng unggoy
2. byutang	butang	lagay
3. kalintoo	kalinto	kanan
4. kikita	ikita	nakita
5. madakmul'l	madakmo	makapal
6. magabuwa	magbowa	magduyan
7. pamagi	paagi	pamaraan
8. sisuway	isuway	taling sisiw
9. tuwig	tuig	taon
10. usunugon	sunugon	sunugin

**c. Pagdaragdag ng Ponema**

Ang pagdaragdag ng ponema ay tumutukoy sa pagdagdag ng isa o higit pang ponema mula sa dayalektong Mandaya sa Caraga. Katulad ng pagkakaltas ng ponema, maaaring maganap ang pagdaragdag sa unahan, gitna at hulihan ng salita may panlapi man ito o wala. Hindi pare-pareho o walang nakitang konsistensi kung kalian nagaganap ang pagdaragdag ng ponema mula sa salita sa Caraga. Kaya sa ikadadali ng paglalahad, isa-isang inihambing ang kaso ng pagdaragdag mula sa dayalekto ng Caraga.

	<b>Crg</b>	<b>Ctl</b>	<b>Fil</b>
1.	aamis	maamis	makinis
2.	aba	haba	haba
3.	alal'lagtoy	anlalagtoy	uri ng ibon
4.	kamoteng-kaoy	kamoteng-kahoy	kamoteng-kahoy
5.	kaoy	kahoy	kahoy
6.	sa-a	saha	saha
7.	sambuok	isambook	isa
8.	usoy	unsoy	sisiw
9.	uyop	huyop	hipan
10.	yagkabot	yagakabot	humukay

**Crg vs. Mny**

Inilahad sa ibaba ang mga salitang mula sa Caraga ay nadaragdagan ng mga ponemang tulad ng /a/, /g/, /l/, /ŋ/, /s/, /w/, at /y/ sa lugar ng Manay.

	<b>Crg</b>	<b>Mny</b>	<b>Fil</b>
1.	awid	gawid	hawak
2.	bui	buwi	buhay
3.	dudungog	dyudungog	narinig
4.	ido	ngido	aso
5.	magbul'lad	magabul'lad	magbilad
6.	ukip	sukip	bunga ng mais
7.	yulupog	lyulupog	humabol

**Crg vs. Bngg**

Makikita naman sa ibaba ang mga salitang mula sa Caraga ay nadaragdagan ng mga ponemang tulad ng /a/, /h/, /w/, at /y/ sa lugar ng Baganga.

	<b>Crg</b>	<b>Bngg</b>	<b>Fil</b>
1.	awid	yawid	hawak
2.	bui	buwi	buhay
3.	ika	ikaw	ika
4.	ilaw	hilaw	hilaw
5.	pamagi	pamaagi	pamaraan
6.	ugas	hugas	hugas
7.	ugasan	yugasan	hugasan
8.	ukapan	yukapan	upakin/balatan
9.	umay	humay	palay
10.	urot	hurot	lahat

**Crg vs. Ctl**

Makikita sa mga halimbawang nasa ibaba ang mga salitang mula sa Caraga ay nadaragdagan ng ponemang /a/, /i/, /m/, /n/ lalong-lalo na ang ponemang /h/ na karaniwang naganap sa mga salitang mula sa Cateel.

**KONGKLUSYON**

Batay sa mga naging resulta ng pag-aaral, natuklasang may kakaiba ang natatanging paraan ng mga Mandaya sa kanilang pamumuhay. Napatutunayan ito ng mga katawagang tangi sa kanilang kultura at mahirap hanapan ng katumbas sa ibang wika. Nagsisilbi itong pagkakakilanlan ng kanilang pagiging Mandaya.

Ang pagkakaroon ng varyasyong linggwistikal sa wikang Mandaya sa mga lugar ng Caraga, Manay, Baganga at Cateel ay maaaring dahilan ng heograpikal, sikolohikal, at sosyolohikal na aspekto. Kungsaan, madalas na naiiba ang katangian ng wikang Mandaya sa Cateel sapagkat malapit na ito sa dulong bahagi ng itaas ng Davao Oriental ang Cateel kasunod ng Boston na bahagi ng Davao Oriental. Idagdag pa ang porsyento ng mga Mandayang naninirahan dito. Sa apat na lugar ng pag-aaral, ang Cateel ay may pinakamaliit na porsyentong ng mga naninirahang Mandaya.

Samantalang, ang mga Mandaya rin ay nakibagay sa iba't ibang aspekto tulad ng kanilang pananalita upang hindi maliitin o makaranas ng diskriminasyon. Kaya, sa kanilang pagsasalita ginagamit nila ang paraan ng pananalita ng ibang pangkat. Naiimpluwensyahan din ang mga Mandaya sa kanilang pakikipag-ugnayan sa ibang pangkat. Kaya, Nagbabago rin ang kanilang wika dahil sa pakikipamuhay kasama ang ibang pangkat. Gayundin, sa kanilang pakikipagkalakalan ay nakaaapekto rin sa pag-iiba ng kanilang wika.

Tatak ng isang wika ang katangiang natatangi at iba sa maraming wika. Tulad ng wikang Mandaya, maituturing na isang yunik at may katangitanging iba sa mga wika sa Pilipinas sapagkat ang kaibahang ito ay nagsilbing pagkilanlan sa kanilang pagiging Mandaya.

**MGA REFERENSIYA**

- Fromklin, V. L., et al. *An Introduction to Language* (7<sup>th</sup> Edition). Thomson: Heinle, 2003.
- Peregrino, J. C., Pamela C. C., at Nilo S. O., eds. *Minanga, Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas, 2002.
- Pasion, R. M. (2013). *Varyasyong Ponolohikal ng Wikang Mandaya sa Ilang Munisipalidad ng Davao Oriental*, *Davao Research Journal*, Vol. 9, 57-65.
- Pasion, R. M. (2014). *Varyasyong Leksikal sa mga Dayalektong Mandaya*, *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 2(6),40-42.
- Pasion, R. M. (2014). *Morpolohikal na Varyasyon sa Wikang Mandaya ng Davao Oriental*, *Asia Pacific Journal of Education, Arts & Sciences*, 1 (5), 129-135.
- Santos, A. L. at Hufana, N. L. (2008). *Ang Akademikong Filipino sa Komunikasyon*. Teksbuk-Workbuk sa Filipino 1. Malabon City: Mutya, Publishing House, Inc.
- Poplack, S. *Variation Theory and Language Contact*. American Dialect Research. Dennis R. Preston, ed. Philadelphia: John Benjamin B.V., 1993.
- Lewis, M. P., Gary F. S. and Charles D. F. (eds.). 2013. *Ethnologue: Languages of the World*, Seventeenth edition. *Dallas, Texas: SIL International*. Online version: <http://www.ethnologue.com>.
- NCIP (National Commission on Indigenous Peoples). 2012. Online. 5 Hunyo 2012. <http://www.ncip.gov.ph>